



Masayang nakilahok ang mga kabataan ng Baler, Aurora sa ginanap na Financial Literacy session ng CARD MRI Publishing House noong Abril 5, 2019. Itinampok ng Publishing House ang kanilang story book na “Ang Magic Alkansya ni Carding.” Kuha ni *Marife Abela*

CARD MBA, kinilala bilang fastest growing mutual insurer

ni Raffy Antes

Kinilala ang CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) bilang pang-anim sa mga pinakamatagumpay na insurance companies sa kategoryang life premium sa 2018 rankings ng International Cooperative and Mutual Insurance Federation (ICMIF). Sinuri ang 197 kasaping

organisasyon ng ICMIF mula sa 66 na bansa sa kanilang lokasyon, legal structure, at mga produkto para sa pagkilalang ito. Ang CARD MBA, na may PHP2.98 Billion (USD59,564,000) na total premiums, ay pang-17 sa pinakamalaking kasapi ng ICMIF sa kategoryang emerging markets.


“Ang ranggong ito ay nagpapahiwatig sa atin na ang seguro sa pangkalahatan ay nakikita ng mga Pilipino bilang mahalagang lambat pangkaligtasan at hindi lamang opsyonal na gastusin,” ani May Dawat, chief executive officer ng CARD MBA. Mula noong 1999, ang bilang ng mga kasapi nito ay mabilis na lumago. Sa

kasalukuyan, ang CARD MBA ay binubuo ng 5.2 milyong kababaihang may mga polisiyang nagbibigay ng seguro sa 18.58 milyong Pilipino sa buong bansa o halos 18% sa kabuuang populasyon ng Pilipinas. Ang mga may polisiya ng CARD MBA ay mga kliyente rin ng apat na microfinance

CARD MRI nagsagawa ng pulong tungkol sa Rice Tariffication

ni Raffy Antes

Binigyang-diin ni Undersecretary Karl Kendrick Chua ng Department of Finance (DOF) ang mga epekto ng mga reporma sa pananalapi ng pamahalaan sa pagsugpo ng kahirapan sa isinagawang pagpupulong sa Rice Tariffication noong ika-28 ng Pebrero sa San Pablo City, Laguna. Ayon kay Flordeliza Sarmiento, managing director ng CARD MRI, ang layunin ng pulong ay upang lalong maintindihan ang mga reporma sa pananalapi. “Ang pulong na ito ay ating pamamaraan sa pagtulong sa pamahalaan at sa DOF na nagpapalakas sa ating adhikain na mawala ang kahirapan,” dugtong ni Sarmiento.



Pinasinayaan ng MLNI ang That's Eat Pancit

ni Neliza Largueza

Pinasinayaan ng Mga Likha ni Inay (MLNI), ang marketing arm ng CARD MRI, ang pagbubukas ng That's Eat Pancit noong Pebrero 28, 2019 sa Marcos Paulino St., San Pablo City, Laguna. Ayon kay Julius Adrian Alip, pangulo at CEO ng MLNI, ang pancit ay isa sa mga pagkaing laging inihahanda

tuwing may pagtitipon. Kahit sa espesyal na selebrasyon o pang-araw-araw na ulam, ang pansit ay bahagi na ng hapagkainan ng mga Pilipino. Ayon naman kay Dr. Alip ang pansitan na ito ay bahagi ng pagsusumikap ng institusyon upang masugpo ang kahirapan sa Pilipinas.

Ang CARD MRI ay isang organisasyong tumutulong sa pamilyang Pilipino upang makabangon mula sa kahirapan.

20 M.L. Quezon St., City Subdivision, 4000 San Pablo City, Laguna

Follow our social media accounts!

@cardmri

CARD MRI

www.facebook.com/CARDMRIofficial

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa

(049) 562-4309

Scan this QR code to visit CARD MRI website

BSP, inaprubahan ang pagiging remittance agent ng CARD

ni Neliza Largueza

Inaprubahan ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang aplikasyon ng CARD, Inc., na maging *remittance agent* simula 2019.

Ang simulaing ito ng CARD, Inc. ay tumutugma sa Microfinance NGO Act or Republic Act No. 1069. Nakasaad sa batas na ito na maaaring magpatakbo ang *microfinance institutions* ng mga serbisyong *remittance* sa kondisyong sumusunod sila sa mga batas at mga alituntunin sa pagpapadala ng pera at iba pang mga serbisyong may kaugnayan sa *remittance*, sa pakikipagtulungan sa mga ahenteng pinapayagan at/o mga ibang mga grupo.

“Isa na naman itong

tagumpay sa paglalakbay ng CARD tungo sa pagpuksa sa kahirapan. Masaya tayo dahil ito’y isang magandang panimula upang makapagbigay tayo ng abot-kaya, mabilis, at magaanang serbisyong *remittance* sa ating mga kliyente,” ani Jocelyn Dequito, executive director ng CARD MRI.

Itinulad ng CARD ang serbisyong *remittance* nito sa mga iba pang *microfinance institutions* ng CARD MRI, ang CARD Sulit Padala. Ang CARD Sulit Padala ay isang lokal na serbisyong *remittance* ng CARD kung saan ang mga kliyente nito ay magaan na nakapagpapadala at nakatatanggap ng pera sa kahit saang sangay sa buong

bansa ng CARD Bank, CARD SME Bank, CARD MRI Rizal Bank, at ngayon ay sa CARD, Inc. Ang CARD Sulit Padala ng CARD, Inc. ay nag-aalok ng 1% *remittance fee* base sa *principal* na halagang pinapadala.

Ang CARD Sulit Padala ng CARD, Inc. ay unang isinagawa sa Balayan, Batangas; Baler, Aurora; Taft, Samar; Calbayog, Samar; Allen, Samar; Carmen, Cebu; Naga, Cebu; Cauayan, Negros Occidental; Bacolod, Negros Occidental; San Carlos, Negros Occidental; Bislig, Surigao del Sur; San Francisco, Agusan del Sur; at Lungsod ng San Pablo, Laguna.

Umaasa si Dequito na

maipagpapatuloy ang bagong serbisyo sa buong bansa. “Sa pamamagitan ng malawak na operasyon natin sa buong bansa, ang serbisyong ito ay magdudulot ng mas maginhawang mga aktibidad na *remittance* sa ating mga kliyente,” sabi ni Dequito.

Sa kasalukuyan, ang sakop ng CARD, Inc. ay 79 probinsya, 1,064 bayan, at 36,500 barangay sa buong bansa.

Idiniin ni Dequito na ang serbisyong *remittance* ay naging posible dahil sa kagustuhan ng mga kliyente na maging *remittance agent* ang CARD, Inc. “Sa panahon ng ating pagsubaybay sa mga pamayanan, ang mga kliyente

natin ay ibinahagi sa atin ang mga produkto at serbisyo na pwedeng magawa ng CARD at ang serbisyong *remittance* ay isa na roon,” pagbabalik-tanaw ni Dequito.

“Pinag-aralan namin ito kung paano maging posible. Salamat naman sa namamahala ng CARD at mga institusyong kasapi nito sa suporta, at sa BSP, sa pagbibigay sa atin ng pagsang-ayon,” dagdag ni Dequito.

Ang CARD, Inc. ay isang *social development organization* na naitayo noong 1986 na naglalayong lipulin ang kahirapan sa pamamagitan ng *microfinance* at mga programang magpapaulad sa mga komunidad.

Nanalong kampeong pang-rehiyonal ang CMDI sa ikatlong ABM Cup

ni Dianne Ubaldo



Puno ng ngiti ang mga estudyante ng CMDI Bay Campus kasama ang ilang *coaches* sa kanilang natanggap na *award* bilang champion ng 3rd ABM Cup. Kuha ni **Lorelie Aguilar**

Matapos makapagtala ng 329 puntos at maungusan ang 19 iba pang paaralan sa Rehiyon 4, idineklara ang CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc. bilang pangkalahatang kampeon ng ikatlong Accounting, Business, and Management (ABM) Cup noong ika-8 ng Marso, 2019 sa St. Anne College sa Lungsod ng Lucena.

Ang isang araw na

kaganapan na isinagawa ng Junior Philippine Institute of Accountants (JPIA) ay taunang pang mataas na paaralang patimpalak sa rehiyon na naglalayong himukin ang kakayahang pang-akademiya sa ABM at pagyamanin ang pagkakaibigan sa pagitan ng mga paaralan.

Ibinuhos nina Mailee Ralyn Banaag, Jewel Mae Vergara, Allysa Mhel Lucido,

Clarissa Cantuba, at Ronald Laguardia, mga mag-aaral, ang kanilang kagalingan at lubos na pagpupunyagi sa panahon ng paligsahan ukol sa mga batayan ng ABM. Dahil dito, natanggap ng institusyon ang pinakaasam-asam na tropeong *perpetual*.

“Ang aming napagtagumpayan ay hindi talaga inaasahan dahil maikli lamang ang aming paghahanda

para sa ABM Cup.

Maliban sa mga natutuhan, talagang nasiyahan kami sa mga panahon na iyon,” ani Banaag.

Dagdag pa niya na tinulungan sila ng kanilang mga guro at tagapagsanay, na sila Micky Kalaw at Wilfredo Llanto, sa pagsusuri at paglagpas sa takot sa pagsali sa paligsahan.

Tunay na namangha ang

mga tagapagsanay kung paano ipinakita ng mga mag-aaral ang kanilang dedikasyon, pagsusumikap, at kakayahan upang makarating sa tuktok at ipinagmamalaki talaga nila ang pagdadala ng mga ito ng karangalan sa paaralan.

N a g p a p a s a l a m a t ang limang kinatawan sa pagkakataon at suporta na ibinigay sa kanila ng institusyon.

Hijos Heritage Tours

Book your tour now!

CARD MRI HIJOS TOURS INC.
A member of CARD MRI

CARD MRI, sumali sa 2019 Social Business Youth Summit

ni Cleofe Figuracion



Mula kaliwa: Nobel Peace Prize Awardee Prof. Muhammad Yunus, CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento, Dungganon Bank, Inc. President Corazon Henares, ASA Philippines Senior Director Maria Regina Pacifico, and Taytay sa Kauswagan (TSKI) Chairman Angel de Leon, Jr.

Sumali sa 2019 Social Business Youth Summit ang CARD MRI noong ika-23 ng Marso sa De La Salle-College of St. Benilde, Manila, sa pangunguna ni Dr. Jaime Aristotle Alip, at Flordeliza L. Sarmiento, mga pinuno ng iba pang organisasyon, at mga mag-aaral ng CARD-MRI Development Institute (CMDI).

Binuksan ni Dr. Alip ang *Microfinance Forum* sa pamamagitan ng pagbabahagi

niya ng mga naiambag ng mga *Microfinance Institutions* sa paglaban sa kahirapan sa Pilipinas.

“Bilang isang MFI naatasan kaming siguruhin na maraming Pilipino ang magkakaroon ng daan upang makakuha ng serbisyong pananalapi. Ang isang pamilyang Pilipino na may *access* sa pananalapi ay isang pamilyang matatanggal palayo sa linya ng kahirapan. Ito ang

tungkuling kailangan naming tuparin. Ito ang mandato namin bilang isang *catalyst* ng *social change* at aming ambag upang mawala ang kahirapan,” sabi ni Alip.

Si Nobel Peace Prize Awardee at Professor Muhammad Yunus ang siyang pangunahing tagapagsalita sa *Microfinance Forum*. Ayon kay Yunus, sa *microfinance* ay kailangang walang sinuman ang may personal na

pakinabang.

“Ang tunay na layunin ng *microfinance* ay mawala ang kahirapan. Ang kahirapan ay dapat makikita na lamang sa mga museo,” pagpapaliwanang niya.

Nagbahagi rin sa *forum* sina Bangko Sentral ng Pilipinas Managing Director Pia Bernadette Roman Tayag at Microfinance Council of the Philippines Chairperson Fr. Jose Victor Lobrigo ng mga kontribusyon ng MFIs sa pagpatuloy na paglaki nito.

Ayon kay Tayag, ang BSP ay hindi makikialam sa mga MFIs upang maabot nila ang mas maraming maralitang Pilipino ngunit ito ay naayon sa wastong pamamahala at istriktong pagsasagawa ng mga polisiya.

Dinagdag niya na ang BSP ay magpapagana ng mga makabagong teknolohiya upang masiguro ang tagumpay ng mga MFIs sa pagtulong sa pamilyang Pilipino.

Samantala, binigyang-diin ni Fr. Lobrigo na hindi lamang ang pagpapalaki ng mga MFIs ang kinakakailangan, pero pati na ang pagkilala sa mga hamon na kinahaharap nito ngayon at sa kinabukasan lalo na ang mga maliliit na MFIs sa bansa.

Isang mahalagang bahagi ng pagtitipon, sa pangunguna ni Dr. Alip, ang *discussion catalyst* ay ang pagtalakay ng grupo sa pagpapasama ng *social enterprise* sa kilusang

MFI.

Ibinahagi nina Professor Yunus, CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento, Taytay sa Kauswagan (TSKI) Chairman Angel de Leon, Jr., Dungganon Bank, Inc. President Corazon Henares, at ASA Philippines Senior Director Maria Regina Pacifico na kailangang isama ang MFI sa nagsasagawa ng *social enterprise* sa kani-kanilang mga institusyon o sa pamamagitan ng mga institusyong binuo.

Ayon kay Professor Yunus, kailangang maisakatuparan ang mga prinsipyo ng *social enterprise* sa pamamaraang pagnenegosyo. Ibinahagi niya na upang mapigilan ang isang tao na maging gahaman, kailangang magawa ng regular ang *social business audit* at makakuha ng *social business certificate* kada taon.

Ang 2019 SBYS, ay isang pagtitipon ng mga kabataan upang makakuha ng pagkakataon para makapag-aral at matuto sa mga kilalang indibidwal sa larangan ng *social enterprise*. Nasa 400 kalahok galing sa rehiyon ng Asia Pacific ang sumali sa pagtitipon. Ang nasabing pagtitipon ay nagbukas din ng mas maraming pintuan para sa mga MFIs upang makilala bilang kasangkapan sa pagsugpo sa kahirapan sa bansa at kung paano sila isinasama sa *social enterprise*.

Experiential demo nang paghabing hablon, isinagawa

ng National Museum Western Visayas

Bilang pagdiriwang sa Buwan ng Kababaihan, nagsagawa kamakailan ng *experiential demo* sa paghahabi ng hablon sa National Museum (NM) Western Visayas Regional Museum at Satellite Office sa Iloilo City. Ang NM Western Visayas ang pinakahuling bahagi ng pagpapakita ng paghahabi at mga aralin na seryo na ginanap din sa mga pasilidad ng NM sa Vigan, Ilocos Sur, and Kiangnan, Ifugao.

Mahigit 220 ang nakibahagi sa apat na sesyon ng *weaving demo* sa Gallery 4 ng museo na kinabibilangan ng mga tagapagturo, *tour operators* at *tour guides*, mag-aaral, *cultural workers*, *government workers*,

negosyante, iba pang mga propesyunal, mga bata at kani-kanilang mga magulang, at iba pa.

Ibinahagi ng tambalang nanay-anak na mga maghahabi galing sa Barangay Indag-an, Miag-ao, Iloilo, na sina Connie at Franco Atijon, at Maryann at Kim Carlo Montagot, ang kanilang kagalingan sa paghahabi ng hablon at ang kanilang *weaver's journey* na nagsimula nang mapagpasyahan nila na maging *culture-bearers* upang mapanatiling buhay ang paghahabi ng hablon sa kasalukuyan at mga susunod na henerasyon.

Si Connie, 65, ay tinataguriang *master weaver* ng Miag-ao. Sinimulan niya ang paghahabi noong walong taong

gulang pa lamang siya. Tulad ng ibang pamilyang maghahabi sa Panay, ang kanyang interes ay napukaw nang makita niya ang ina niyang naghabi. Pinapatakbo niya ngayon ang Reyden's Hablon, kasama ang anak niyang si Franco, 40. Ayon kay Franco, pinili niya maging maghahabi dahil ayaw niyang mawala ang tradisyon at kakayanan ng pamilya na sinimulan ng lola at ina niya.

Samantala natutong maghahabi si Maryann, 49, noong siya ay siyam na taon habang pinapanood niya ang kanyang nanay na naghahabi. Itinuloy niya ang paghahabi bilang propesyon matapos magtrabaho sa ibang bansa nang sampung taon. Ngayon, pangulo na siya ng Indag-an

Multipurpose Cooperative, ang kooperatiba sa Brgy. Indag-an ng mga maghahabi ng hablon. Ang anak niyang si Kim Carlo, 22, ay unang naghabi noong 15 taon siya. Sinimulan niyang maghahabi ng hablon para kumita at makatulong sa nanay niyang nag-iisang bumubuhay sa kanya.

Samantala, ipinaliwanag ng tagasaliksik ng museo na si Merlyn Geromiano ang pagtaas at pagbagsak ng industriya ng paghahabi sa Panay at inisa-isa niya ang iba't-ibang ginawa ng gobyerno ng mga nagdaang taon upang muli itong maiangat.

Ang paghahabi ay isang napakatandang tradisyon na minsan nagdala ng katanyagan at yaman sa mga taga-Panay.

Noong 1800s, ang industriya ay naging tanyag lalo na sa Iloilo. Ito ay naging kabisera ng paghahabi sa Pilipinas. Noong 1850s, may 50,000 hanggang 60,000 na panghahabi ang Iloilo at ang mga maghahabi sa lugar ay gumagamit ng mga katutubong hibla tulad ng bulak, abaka, sutla, at pinya sa paggawa ng tela.

Binigyang-diin din ang tungkulin ng mga kalalakihan sa paghahabi. Pinoproseso ng mga kalalakihan ang mga tanim samantalang iginagayak naman ng kababaihan ang mga panghahabi at sila rin ang naghahabi. Sa mga nakaraang mga taon, nagsimula nang maghahabi ang kalalakihan ayon kay Franco at Kim Carlo.

CARD MRI nagsagawa...◀ 1

Sa pulong na iyon, ipinaliwanag ni Usec. Chua ang mga detalye at ibang usapin patungkol sa mga epekto ng bagong nilagdaang batas, ang *Rice Tariffication*.

Ang nasabing batas, ani Usec. Chua, ay magtatanggal ng mga balakid sa pag-aangkat ng bigas sa ibang bansa na magreresulta sa pagtaas ng panustos ng nasabing produkto.

“Sa pamamagitan nitong *tariffication*, inaasahan natin na bababa ang presyo ng bigas ng PHP2 hanggang PHP7,” ani Usec. Chua. Idinagdag din niya na sisiguraduhin ng pamahalaan na may sapat

na panustos, at madaling makakukuha ng murang bigas sa lahat ng panahon.

Idiniin ni Usec. Chua na ang batas ay papabor sa mga lokal na magsasaka. “Ang tulong ay ibibigay sa ating mga magsasaka sa pamamagitan ng Rice Competitive Enhancement Fund (RCEF) na tutulong sa kanila upang mapataas ang kalidad ng kanilang bigas,” aniya.

Maliban sa pananalapi at panteknolohiyang tulong, ang batas ay magbibigay rin ng *literacy program* at *capacity building* sa mga magsasaka.

Pagbibigay-suporta

Isa sa mga mahalagang

tungkulin ng DOF ang pagtataguyod ng pagpapalawak ng kaalaman sa mga naibalangkas na batas ng kagawaran. Tiniyak naman ni CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle Alip kay Usec. Chua na ang CARD MRI ay susuporta sa pagpapalaganap at pagpapaintindi sa epekto ng bawat repormang panalapi na ipinapatupad ng kagawaran.

“Ilulunsad namin ang *module* tungkol sa Rice Tariffication Law sa pamamagitan ng mga sesyong pag-aaral sa aming mahigit na 6.2 milyong mga kliyente sa buong bansa upang suportahan ang mga pagsisikap ng gobyerno at ng DOF sa pagpapalaganap ng

importanteng adyenda nito,” ani Dr. Alip.

Ang *module* ay isasama sa lingguhang pulong sa mga *centers* ng mga kliyente ng CARD MRI sa buong bansa.

Sa panahon ding ito, ang mga Account Officers (AO) ng CARD ay nagsasagawa ng Credit with Education (CwE), isang programang denisenyo upang turuan at mabigyang-kaalaman ang mga kliyente ng CARD MRI sa mga usapin patungkol sa produkto at serbisyo, pangkalusugan, pangkabuhayan, *credit discipline*, at paghahanda sa sakuna, at iba pa.

Ani Dr. Alip, ang mga layunin ng batas ay tugma sa mga layunin ng CARD MRI, ang pagbibigay daan sa iba’t

ibang suporta at pagkakataon sa mga Pilipino.

“Dahil ang batas ay kahanay ng ating misyon sa pagsugpo sa kahirapan, naaayon lamang na magbigay ang CARD MRI ng ibayong suporta sa programa,” ani Alip. Inaasahang mailalabas ang nasabing *module* sa Abril 2019.

“Tayo sa CARD MRI ay magpapatuloy sa pagiging kabisig ng pamahalaan at kaisa niya sa pagpapalaganap ng *financial inclusion* sa bansa at umaasa tayo na ang administrasyong Duterte ay patuloy na magpapasa ng batas na magpapalakas sa kalagayang pang-ekonomiya ng mga maralita sa bansa,” pagtatapos ni Alip.



Roam Print Enterprise

Social & Commercial Printer

Block 9, Lot 9, Pueblo del Rio Subd.

Bañadero, Calamba City, Laguna, Philippines

Telefax # (049) 531-3306 * Mobile No. (049) 576-3005

E-mail Address: roamprint_05@yahoo.com.ph

Contact Person: Melbie P. Rivero

CARD MBA kinilala bilang ...◀ 1

institutions ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI): CARD, Inc., CARD Bank, CARD MRI Rizal Bank, at CARD SME Bank.

Ang CARD MRI ay grupo ng 21 *social development-oriented institutions* kasama na ang CARD MBA na may layuning mapuksa ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng *microfinance*, *microinsurance*, at mga programang makapagpapaunlad ng mga komunidad.

“Ang ating pinakadakilang pagpapahalaga ay para sa mga tauhan ng CARD MRI

sa kanilang walang sawang pagtulong sa pagsisiguro na ang bawat komunidad ay lubos na maunawaan ang kahalagahan ng *microinsurance* at ang epekto nito sa kanilang buhay,” sabi ni Dawat. Binigyan-diin din ni Dawat na susi sa tagumpay ng CARD MBA ang pakikinig sa mga kliyente nito.

“Laging nasa kamalayan natin ang kapakanan ng ating mga kasapi at iyan ang dahilan bakit ang linya ng pakikipag-ugnayan ay laging bukas. Iniisip palagi natin ang kanilang mga pangangailangan at sinisigurado natin na nakagagawa tayo ng makabago at naayong programa.”

Bukod dito, hinihimok din ni Dawat ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagbibigay ng serbisyo.

“Sinusubukan natin ngayon ang *online claims notification* upang ang ating *claims payment* ay maging mas mabilis at mahusay,” sabi ni Dawat.

Ang ICMIF ang nag-iisang pandaigdigang kinatawan ng mga kooperatiba at *mutual insurance sector* na nagbibigay ng mga serbisyo at mga alituntunin sa mga *market information networking opportunities*, pagpapaunlad ng mga namumuno, at pandaigdigang adbokasiya.

Pinasinayaan ng MLNI ...◀ 1

“Ito ang aming paraan upang makagawa ng *market* sa mga kliyente namin sa *microfinance*, sa pamamagitan ng pagdadala nila ng kanilang iba’t ibang produkto at kaalaman upang magkaroon ng kita at sa kalaunan ay makapag-ipon at makagawa ng plano para sa kani-kanilang kinabukasan,” ani Alip.

Ang lahat ng sangkap ng pansit ng That’s Eat Pancit ay galing sa mga kliyente ng *microfinance* ng CARD MRI.

“Mula sa uri ng bihon hanggang sa mga gulay at karne ay mga produkto o ibinebenta ng mga kliyente ng CARD,” sabi ni Alip.

Dinagdag pa niya na parati nilang sinisigurado na ang mga produkto at serbisyo ng mga kliyente sa *microfinance* ng CARD ay napapalago at nabibigyan ng pagkakataon na sila ay makapagtinda sa isang malaking pamilihan.

Binunyag din ni Alip na ang proyektong pansitan na naitayo sa pamamagitan

ng tulong nang kanilang tagapayo na si Jorge Wineke ay mapapalawak pa sa pamamagitan ng *franchising*.

“Gusto naming mapalawak ang negosyong ito at makatulong sa maraming tao upang mapalaki ang kanilang negosyo. Sa paggawa nito, makakakita at makatutuklas pa kami ng mga bagong lasa ng pansit at makabubuo nang bagong tradisyon na tatagal sa mahabang panahon,” dagdag ni Alip.

Naitayo noong 2014, ang MLNI ay patuloy na tumutulong sa mga maliliit na negosyante sa pagbebenta ng kani-kanilang mga produkto sa malawak na pamilihan.

Dumalo sa pasinaya sina Flordeliza Sarmiento, managing director ng CARD MRI; Lorenza dT. Bañez, executive vice president ng CARD Bank, Inc.; Dr. Dolores M. Torres, senior management adviser ng CARD Bank, Inc.; at ilang opisyal ng pamahalaan ng Lungsod ng San Pablo.

Experiential demo...◀ 3

Sa pamamagitan ng *demo*, umaasa ang National Museum na itataas nito ang antas ng pampublikong kamalayan sa mga usapin ukol sa ginagampanan ng mga kasarian, lalo na ang patuloy na *stereotyping* sa paghahabi na isang eksklusibong kakayanan at trabaho ng mga babae. Nananawagan din ito sa publiko na pahalagahan at matuto tungkol sa pamanang paghahabi sa Panay, at sa parehong panahon, pukawin ang mga komunidad sa Kanluraning Visayas na suportahan ang muling pagbangon ng industriyang

paghahabi sa rehiyon. Ang *weaving demonstration* ay proyekto ng NM Gender and Development na pinangungunahan ng Ethnology Division, sa pakikipagtulungan sa Gender and Development Focal Point System at Regional Administration and Operations Division.

Ang NM Western Visayas ay bukas mula Martes hanggang Linggo, 10am hanggang 5pm. Libre ang pagpasok nito. Mag-*book* ng grupo (mahigit 20 katao) sa pamamagitan ng email na nmiloilo@yahoo.com o tawagan kami sa 033-327-3782.



WE ARE HIRING

1 Junior Writer

Please email your application to publishing@cardmri.com
For inquiries, contact us at 09286425940



CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.

A member of CARD MRI

BALITANG PANGREHIYON

Nueva Ecija

CARD MBA, nag-organisa ng kasalang bayan sa Nueva Ecija

Pinangunahan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang isang libreng kasalang bayan para sa siyam na magkabiyak mula Nueva Ecija. Ang naturang magkakabiyak ay miyembro ng CARD, Inc. Isinagawa ang kasalang bayan sa Convention Hall, Municipal of General Mamerto Natividad sa Nueva Ecija.



Baler, Aurora

Kaunlaran Caravan, isinagawa sa Baler, Aurora

Nagsagawa ng Kaunlaran Caravan ang CARD MRI sa pamamagitan ng CARD, Inc. noong April 5, 2019 sa Baler, Aurora.

Libreng *medical check-up*, bunot sa ngipin at pagsusuri ng mata, *livelihood training at financial literacy for kids*, SSS at *microinsurance orientation* ang ilan sa mga sebrisyong ibinigay sa *caravan*.



Masbate

CARD Bank, nagbukas ng pang-94 na sangay sa Masbate

Ang CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank*, ay nagbukas ng ika-94 na sangay sa Brgy. Silangan, San Fernando, Masbate noong ika-18 ng Marso. Ito ang panglimang sangay ng bangko sa probinsya matapos ang mga sangay sa Aroroy, Dimasalang, Cataingan, at Lungsod ng Masbate.



RUBIONTA
Printing Press

**0332 Azores Ave., Crispina Park Subd.,
Bagong Bayan, San Pablo City, Laguna
Tels. (049) 562-4288 / 576-8125**

EDITORIAL

Hagupit ng mga sakuna, ating iwasan



Ang lokasyon ng Pilipinas sa Pacific Ring of Fire ay isang dahilan kung bakit madalas ang bagyo at lindol sa ating bansa. Kada taon, palagi tayong nakararanas ng mga hagupit nito. Maaari na nga nating sabihin na bahagi na ang mga sakuna at mga kalamidad sa mga alalahanin ng karaniwang Pilipino. Ilan sa mga kalamidad na nararanasan natin ay lindol, baha, bagyo, at sunog.

Noong nakaraang taon, nakaranas ang ating bansa na nagdulot ng pagkawasak ng mga tahanan at mga ari-arian, pagkawala ng kabuhayan, at pagkitil sa buhay ng mga tao. Isa itong realidad na dapat nating tanggapin. Libu-libong buhay

ang nawawala dahil sa mga sakuna. Sinong makakalimot sa Bagyong Yolanda na kumitil ng halos anim na libong buhay noong 2013?

Nariyan din ang patuloy na banta ng The Big One. Ayon sa mga eksperto, hinog na ang West Valley Fault at posible na itong gumalaw anumang oras. Ang The Big One ay tinatayang magdudulot ng 7.2 magnitude na lindol. Katumbas ng enerhiya nito ang 63.5 bombang atomika na ginamit sa Hiroshima noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Kamakailan lamang ay sunod-sunod na malalakas na lindol ang nararanasan sa ating bansa. Niyanig ng isang 6.1 magnitude na lindol ang

Pampanga noong ika-22 ng Abril at tatlong araw pa lamang ang nakalipas ay tumama naman ang 6.5 magnitude na lindol sa Eastern Samar. Hindi katulad ng ibang kalamidad, ang lindol ay maaaring tumama anumang oras at hindi kaya ng mga eksperto na malaman kung kailan at saan ito darating.

Marami sa atin ang natatakot at nawawalan ng pag-asa tuwing iniisip ang mga kalamidad na ito. Normal lang na matakot, dahil buhay natin at ng ating pamilya ang nakataya rito. Ang iba naman, sa dasal kumakapit para sa proteksyon ng Diyos. Pero, hindi dapat dito matapos ang lahat. Kailangan nating gamitin ang pangamba na nararadaman natin para kumilos.

Sa pamamagitan ng aksyon, masisigurado natin na ligtas ang magiging kalagayan ng ating sarili at mga mahal natin sa buhay.

Paano nga ba natin ito magagawa? Marami nang nagkalat na tips sa internet, radyo, at maging sa TV sa mga hakbangin bago, tuwing, at matapos ang isang sakuna. Huwag tayong mag-alinlangang alamin ang mga babalang ibinabahagi sa atin ng ahensya ng gobyerno. Ang ilan sa mga hakbanging ito ay ang pagsasagawa ng *evacuation plans*, pag-inspect sa tibay ng

ating mga tahanan, *earthquake drills*, at iba pa.

Lagi rin nating tingnan ang *updates* sa ating mga telebisyon para makita natin ang mga pangyayari sa ating paligid.

Mabuti rin kung tayo ay kukuha ng mga *insurance*, dahil masisiguro nito na mayroon tayong magagamit na pondo sa panahon ng kagipitan.

Ang mga halimbawang ito ay tinatawag na *disaster preparedness*. Simple at klaro ang layunin nito: ang maging ligtas sa kabila ng mga mapanganib na sakuna. Nangangailangan ito ng matiyagang pagpaplanong pangmatagalan o *long-term planning*.

Ang presensya ng mga sakuna ay maring tinutukan ng CARD MRI. Parte ng mandato ng CARD MRI na magbigay ng mga serbisyong pinansyal sa mga miyembro nito, lalo na sa panahon ng sakuna.

Upang makatulong sa pamilyang Pilipino, marami na itong hakbanging ginawa. Katulong natin ang CARD MRI sa pagharap sa mga sakuna at sa pagbangon sa hagupit ng mga ito.

Ang CARD MRI ay patuloy na nakikipagtulungan sa iba pang ahensya ng gobyerno sa pagsasagawa ng *relief operations*. Naging bukas

din ang mga opisina ng CARD MRI para sa lahat – miyembro man o hindi. Sa kabila ng mga pinansyal na tulong at mabilis na pagbibigay ng *claims*, nag-distribute rin ang CARD MRI ng *relief goods* para sa mga nasalanta.

Mayroon ding *re-house program* ang CARD, para sa mga kliyente nito. Ang nasabing programa ay nagsisilbing *insurance* na sasaklaw sa mga pagpapabalik ng kanilang mga nasirang tirahan.

Patuloy na isinasagawa ng CARD MRI ang mga programang ito, dahil sa hangarin na makitang guminhawa ang buhay ng maraming Pilipino na naapektuhan ng mga sakuna. Alam ng CARD na hindi magiging maunlad ang bansa kung ang mga Pilipino ay hindi handa sa oras ng kalamidad.

Umaasa ang CARD MRI na marami pang Pilipino ang mahikayat na sumali sa CARD MRI, para makuha nila ang mga benepisyong ibinibigay ng CARD sa oras ng kalamidad. Sa kabila ng lahat ng ito, nagpapasalamat ang CARD MRI sa suporta at tiwala ng mga miyembro nito. Tunay nga na sa pamamagitan ng kooperasyon, walang imposible. Ang lahat ng ginagawa ng CARD – ang tagumpay ng CARD, Inc. ay tagumpay ng lahat ng pamilyang Pilipino.



CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Publisher

Dr. Jaime Aristotle Alip
Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund Centeno
Editor-in-Chief
Arnold Gutierrez
Albert Dayag
Layout Artists

Cyrene Grace Lubigan
Managing Editor
Raffy Antes | Neliza Largueza
Charyll April Perez | Clariza Concordia
Writers

Jeffrey Tandingan
Associate Editor
Clark Qury Cuello
Cartoonist

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing ka-makalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

CONTRIBUTORS
Cleofe Figuracion
CARD Hong Kong Foundation
Aristotle C. Castronuevo
Marife Abela
Dianne Ubaldo
Lorelie Aguilar
Kreese Fabro Javier

CARD MRI PUBLISHING
HOUSE INC.
M.L. Quezon St., City Sub.,
San Pablo City, Laguna
[@CARDMRIOfficial](https://www.facebook.com/CARDMRIOfficial)
Official Facebook page

[@CARDMRI](https://www.instagram.com/CARDMRI)
Official IG account

CARD MRI
Official YouTube channel

www.cardmri.com
Official Website

Kung paanong nanatili at naging matatag sa mahabang panahon

Ako po si Noemy Vegiga, dalawampu't apat na taong gulang. Ako po ay isang Account Officer ng CARD, Inc. sa Baler, Aurora. Sa mahigit tatlong taon at tatlong buwan ko po bilang AO, marami na po akong challenges na hinarap. Siyempre, nariyan po ang pagpunta sa malalayong mga lugar. Nandiyan din po ang patuloy na pagrerekrut at panghihikayat sa mga lokal na sumali sa ating institusyon. Sa kabila po ng mga hamon na ito, naging inspirasyon ko ang CARD mismo sa kanyang katatagan sa mahabang panahon. Sa mahigit tatlong dekada na po nito ay patuloy itong nagsisikap na matupad ang misyon nitong poverty eradication.

Gusto ko lang din pong malaman kung ano ang sikreto ng CARD kaya tumagal ito? Ano-ano kaya ang tamang attitude at character na dapat ko ring panghawakan, gaya ng CARD, para magtagal din ako?



PAYO NI BOSS

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Founder and Chair Emeritus,
CARD MRI

Ikaw, mayroon ka bang nais itanong kay Boss? Ipadala ang iyong tanong sa publishingcardmri.com upang siya mismo ang magbigay sa'yo ng makabuluhang payo.

Sa mahigit tatlong dekada ng CARD sa serbisyo, marami ang nagtatanong kung ano nga ba ang sikreto nito kung bakit at paano pa rin ito nananatili at naging matatag. At sa mga tanong na ito, ito ang parati kong sagot. Tatlong punto ang naging daan upang magtagal ito: pagiging lapát, pagiging tapat, higit sa lahat, pagiging pokus sa mga layunin nito.

Una, higit ang kahalagahan ng pagiging lapát sa mga tao at komunidad na pinagsisilbihan mo. Sa madaling sabi, kinakailangang marunong kang bumaba sa iyong kinatatayuan upang lubos na makilala at maintindihan mo ang iyong nasasakupan.

Sa katunayan, regular ang pagbisita ng inyong lingkod sa ating mga kliyente at miyembro upang alamin ang kanilang kalagayan, partikular ang kanilang opinyon o hinaing tungkol sa ating mga aktibidad. Maging ang ating mga empleyado ay ating inaatasang buwanang bumisita sa ating mga yunit kung saan kanilang personal na makasalamuha ang mga táong naaabet ng ating mga serbisyo.

Sa patuloy na pakikinig at paglápát sa kinalalagyan ng ating pinamamahalaan, lalo na sa ating mga nanay at kliyenteng pinagsisilbihan, nalalaman natin kung naging matagumpay ba ang ating mga programa. Nalalaman din natin, mula sa kanilang mga suhestiyon, kung paano pa natin ito mapapaunlad at

mapagyayaman pa.

Pangalawa, napatunayan na rin ng panahon na ang pagiging tapat at dedikado ng CARD sa nais tuparin at misyon nito ang sikreto sa likod ng bawat tagumpay ng institusyon. Ang mga ito ang tanglaw na gumagabay sa CARD sa mga tunguhin nito at ang pundasyon na nagpapatatag sa CARD. Anuman ang proyekto o programang sinisimulan ng CARD, tinitiyak nitong ginagabayan ito ng pananaw nito bilang isang institusyong kaisa sa pagpapaunlad ng buhay ng bawat pamilyang Pilipino. Higit sa lahat, sinisigurado ng CARD na ang bawat hakbangin nito ay nakaangkla sa mahigpit na tungkulin nitong wakasan ang kahirapan sa bansa.

Higit ding isinasaalang-alang ng CARD na ang bawat hakbang na ginagawa nito ay nakaangkla sa *core values* nito, partikular ang pagkakaroon ng integridad. Tinitiyak ng institusyon na ikintal sa kaisipan ng bawat empleyado nito ang kahalagahan ng integridad anuman ang gawaing itinakda. Mula sa mga AO nito na direktang tumatanggap at humahawak ng salapi, hanggang sa aming mga namamahala ng mga institusyon ng CARD, tinitiyak naming kami ay tapat sa aming sinumpaang tungkulin, lalo't higit na tapat sa mga táong aming sinumpaang pinagsilbihan.

Panghuli, kapag natukoy mo na ang iyong layunin at tamang aktitud

upang maisakatuparan ito, wala ka ng ibang dapat gawin kundi panghawakan at pagsumikapang tuparin ito. Gawin ang alam mong tama at nararapat, kumilos nang naaayon sa iyong mga itinakda, at siguraduhing nakapokus sa iyong layunin.

Maraming hamon ang iyong makahaharap. May mga pagkakataong susubukin ang iyong katatagan, lalo't higit ang iyong katapatan. Hindi maiwasan ang posibilidad na malihis ka sa iyong landas.

Sa oras na naharap ka sa pagsubok na iyon, lumignon ka sa iyong pinagmulan. Alalahanin ang iyong pinagsimulan. Tanawin ang mga aktitud at pananaw na siyang unang bumuo sa iyo, na siyang nagpatatag sa iyo. Sa ganitong paraan, mananatili kang nakaangkla sa iyong layunin, maitutulak ka pa sa patuloy mong pagbagtas sa mga daan.

Mahaba-haba pa ang lalakbayin ng CARD upang ganap na maisakatuparan nito ang kanyang misyon. Maging ikaw ay mayroon pang mga daang babagtasin bilang isang AO, bilang isang kapamilya at kaibigan, at bilang isang responsableng mamamayan. Subalit kung patuloy tayong nakaangkla sa ating mga prinsipyo't paniniwala, tiyak ang ating tagumpay sa mga darating pang panahon.

Iyon lamang at hangad ko na sa darating pang mga panahon, kaisa ka ng CARD sa pag-unlad pa nito.

Sa mahigit 6.2 milyong kliyente ng CARD, ang malaking porsiyento nito ay mula sa hanay ng mga kababaihan. Kung kaya't sa pagdiriwang ng National Women's Month ay nais kong ipaabot ang aking pagbati.

Taong 1986, kung ating babalikan, ang paunti-unting pagdami ng mga kasaping kababaihan ng CARD ay nagbunga rin ng paunti-unting pagbabago at pag-unlad sa pamayanan.

Mula sa mga serbisyo at programang ibinibigay ng CARD gaya ng pangkabuhayan, pangkalusugan, pang-edukasyon at iba pa, marami ang natuto na

magsimulang magtayo ng mga munting negosyo mula sa puhunang nahiram sa CARD. Natutuhan rin ng marami na pahalagahan at paglaanan ang pag-aaral ng kanilang mga anak. Gayundin ang pagpapahalaga sa kalusugan ng kani-kanilang pamilya.

Isang pag-asa na sa pagkatuto at pagkaalam sa mga bagay na ito ay magiging isang ambag upang unti-unti nating makamit ang kaunlarang ating hinahangad.

Mula sa isang kasapi hanggang sa milyong bilang ng mga kababaihan, tiyak na ang hangarin natin ay hindi imposibleng maisakatuparan. Kay gandang isipin, hindi ba?

Taglay ang sikap, sipag, at tiyaga,

ang realidad na mahirap ang buhay ay mahaharap natin. Sa paglipas ng panahon, masasabi nating mahusay tayo dahil nagawa nating maging matatag sa bawat hamon ng buhay.

Sa ngayon, kaaya-ayang pakinggan ang iba't ibang kwento ng pag-asenso at pagbabago ng mga kasaping kababaihan. Ang ilan ay nagawa ng palaguin ang munting negosyo at may mga nakapagpatapos na ng mga anak sa pag-aaral sa kolehiyo.

Isang bagay na ipinagpapasalamat ng CARD ay ang malamannanakatulong ang mga programa at serbisyo nito sa paunti-unting pagbabago at pag-unlad ng pamumuhay ninyo.

Mabuhay kayo!



MULA SA PUSO NI ATE MD

Ms. Flordeliza L. Sarmiento
Managing Director,
CARD MRI

BALITANG PANGKALUSUGAN

Mas malusog na komunidad

ni Clariza Concordia



Isinagawa ang Community Health Day ng CARD MRI sa Banaue at Ifugao noong Pebrero 12, 2019. Kuha ni **Kreese Fabro Javier**

Mahigit 430 *microfinance clients* ng CARD, Inc. mula Poblacion, Banaue, at Ifugao ang nakatanggap ng mga benepisyo mula sa Community Health Day (CHD) hatid ng programang Microfinance and Health Protection (MaHP) ng CARD MRI.

Ilan sa mga natanggap na benepisyo ng lokal na komunidad ay ang serbisyong dental, optikal, medikal, at edukasyon patungkol sa kalusugan at pangangalaga nito.

Ang programang CHD ng CARD MRI ay ang regular na aktibidad ng organisasyon na naglalayong makapagbigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga kliyente nito at kanilang mga pamilya, lalo na sa mga komunidad sa mga liblib na lugar sa Pilipinas.

Ang CARD MRI ay isang grupong binubuo ng 21 organisasyong nagtutulung-tulong na wakasan ang kahirapan sa bansa.

Kabilang sa mga institusyon nito ang CARD,

Inc. na naghahatid sa mga komunidad ng mga programa at serbisyong pampinansyal at mga programang pangkaunlaran. Ilan sa mga programa nito ay may kinalaman sa edukasyon, kalusugan, pangkabuhayan, pagresponde sa sakuna at pagtulong sa komunidad upang mapabuti nito ang kanyang kakayahan.

Sa kasalukuyan, ang CARD, Inc. ay naglilingkod sa mahigit 1.9 milyong kliyente sa buong bansa.

Paglalakas-loob na tawirin ang karagatan: Umaabot na ang CARD sa Isla Agutaya

ni Charyll April Perez

Ang munisipyo ng Agutaya sa Palawan ay isang islang nasa pinakasulok na bahagi ng Pilipinas. Sa usaping pangkalusugan, ang munisipyo ay di lang kulang sa mga espesyalista, kundi pati na sa mga gamot at mga kagamitan.

Sa kabila ng walong oras na biyahe sa pamamagitan ng bangka galing Coron, Palawan, naglakas-loob ang CARD, Inc. na tawirin ang mga karagatan at magtayo ng *microfinance operation* sa lugar simula pa noong 2015.

Bilang tugon sa lumalaking pangangailangan ng mga kliyente nito, nag-organisa ng *community health fair* ang Microfinance and Health Protection (MaHP) Unit ng CARD MRI noong Marso 12-13, 2019.

May kabuuang 865 mga kliyente, mga kapamilya nila, at ang lokal na komunidad ng Isla Agutaya ang nakatanggap ng benepisyo sa isinagawang *health fair*.

Ilan sa mga serbisyong libreng ibinigay ng MaHP ay ang medikal, optikal, dental na konsultasyon, at pagpapabunot, at mga edukasyong pangkalusugang tungkol sa iba't ibang sakit.

“Ang Palawan ay kilala sa pagiging maganda at may nakamamanghang puntahan

ng mga turista, pero sa kabila nito, ito’y may hamon sa mga pamilyang nasa liblib na mga lugar tulad ng Isla Agutaya. Ang pangangailangang medikal na tulong at pagkalinga ang nagtulak sa amin upang magsagawa ng CHD sa naturang lugar,” ani Dr. Roderick Belen, MaHP Deputy Director.

Ang grupo ng MaHP ay nagkaroon din ng pagkakataong makipagkita kay Dr. Lionel Peters, ang nag-iisang manggagamot sa lugar na tinaguriang *Doctor de Motor*. Namamalagi na siya sa isla nang apat na taon at nagseserbisyo sa 13,000 residente ng lugar.

“Ang pangako ni Dr. Peters na makapagbigay-serbisyo ay nakakapagbigay-sigla. Napasigla niya kami na gumawa ng higit pa at parating lagpasan ang aming mga ginagawa,” dagdag ni Dr. Belen.

Magsasagawa ang CARD, Inc. sa pamamagitan ng MaHP unit nito, ng iba pang mga CHD sa mga susunod na buwan lalo na sa mga lugar kung saan limitado lamang ang mga serbisyong pangkalusugang.

Sa kasalukuyan, may mga 2,000 kliyente ang CARD sa Isla Agutaya at

►10

Ako po si Flordeliza Castillo, 54 taong gulang, mula sa Obligacion, Baler, Aurora. Nangangati ang lalamunan ko. Sa gabi, madalas akong mahilo. Kapag nakatagilid ako, saka ako nahihilo. ‘Pag nakatayo naman, hindi. Kumbaga, kapag sa gabi lang, ‘pag natutulog na ko at sa kanan ako nakatagilid, hindi ako nahihilo. Pero kapag sa kaliwa, biglang umiikot na yung pakiramdam ko. Matagal ko na itong nararamdaman, mga ilang buwan na rin. Kaya lang, hindi ako makapagpa-checkup. Mahirap ang buhay, syempre, mahal ang gamot.

Minsan, naoobserbahan ko lang, baka gawa ng tenga ko. Sabi ng doktor, baka nga daw dahil mahina na rin ang pandinig ko dun sa kabila, baka nga ito na raw ‘yung deperensya.

Ang sinabi ng doktor mo na ang pagkahilo mo ay nanggagaling sa problema mo sa iyong tenga ay totoo. Ang iyong madalas na pagkahilo ay tinatawag na Vertigo or Benign Paroxysmal Positional Vertigo (BPPV). Ito ay maaaring nararamdaman sa biglaan o mabilisang pagpalit ng posisyon ng iyong ulo tulad ng: biglaang pagbangon, pagtayo, pagpaling ng ulo sa kaliwa o kanan, o pagyuko o pagtingala. Uulitin ko, ito ay mangyayari lang sa biglaan o mabilisang pagpalit ng posisyon ng iyong ulo. Sa loob ng ating tenga (Inner ear) ay mayroong mga bahagi na tinatawag na *semi circular canals* na ang pangunahing tungkulin ay ang pagbalanse sa ating katawan o ang pagtayo sa tamang posisyon. Ang *semi-circular canals* ay may lamang *fluid* at kapag ito ay nagagalaw ng biglaan ay maaaring maging dahilan ng iyong pagkahilo o pagkalula. Sa kadahilanang ito, pwede itong maiwasan kung dahan-dahan lang ang pagkilos ng iyong ulo, iwasan ang biglaang pagtayo o pagbangon. Kung hindi nawawala o talagang pabalik-balik ang mga sintomas ay mas mainam na magpakonsulta na sa doktor para ma-examine at maresetahan ng gamot para sa *vertigo*.

Kung talagang nangangati lang ang lalamunan mo at wala namang kasamang sipon at plema ay malamang na *allergy* lang iyan, ngunit kung nagpapatuloy at lumalala ang pangangati ay agad na magpakonsulta sa doktor para ma-examine at maresetahan ng gamot para sa *allergy*.

Rx

May nais ka bang itanong tungkol sa iyong Kalusugan o Karamdaman?

Mag-email, text, o tumawag sa:
Mobile No: 09286425940
Email Address: publishing@cardmri.com

Sa susunod na edisyon ng Sulong ito ay bibigyang kasagutan ni Dr. Roderick Belen.



KWENTO NG MGA KASAPI

CARD, kapartner
mo sa pag-asenso

ni Raffy Antes

Para kay Nanay Mercedita Pajente-Ong, ang CARD ay isang mapagkakatiwalaang partner sa pagpapalago ng negosyo.

Labindalawang taon ang lumipas noong naitatag ang CARD sa Dipolog City. Isa si Nanay Mercedita sa mga naunang kliyente ng CARD sa lugar. Noong una, medyo nag-aalangan pa si Nanay Mercedita sa CARD dahil ayaw niya lalo’t higit ang kanyang asawa sa ideya ng pangungutang. Dahil na rin sa isinasagawang oryentasyon ng CARD, mas nakilala niya ang CARD bilang isang institusyon na pwedeng gawing kapartner sa pag-asenso.

Mayroon ng sari-sari store si Nanay Mercedita bagopaman sumali sa CARD. Sa kanyang pagsali, mas nadagdagan pa niya ang kanyang mga paninda na siya ring pangunahing pinagkukunan niya ng kita.

Dahil sa kanilang tindahan, natutustusan nila ang pag-aaral ng kanilang dalawang anak na ngayon ay nasa *high school* na. Isa sa mga natutunan ni Nanay Mercedita sa pagiging kasapi ng CARD ay ang paggamit ng pera sa maayos na pamamaraan.

“Kung may pera ka o *loan* na natanggap sa CARD, gamitin mo ito sa pagnenegosyo, maliit man o malaki, basta mayroon kang kita araw-araw.” aniya.

Pakikipag kawanggawa

ni Neliza Largueza



Tutok si Nanay Mercy sa pamamahala ng kanyang negosyo. Isa sa mga pangunahing tinitinda niya ay kwek-kwek na kung saan ay patok sa kanyang mga customer.

Bawat araw si Mercy Galanque ng Lanao del Sur ay nagbebenta ng mga kakanin at inumin sa ilalim ng nagbabagang init ng araw.

Sinimulan ni Mercy ang kanyang munting negosyo sa pagtitinda ng kwek-kwek, kikiyam, tempura, at gulaman.

Ang pagnenegosyo ay hindi madali ngunit para kay Mercy, ang pagiging buo ng kanyang loob at relasyon sa CARD, Inc. ang siyang tumutulong sa kanya sa pagpapalago ng kanyang negosyo mula sa isang hamak na estante ng mga kakanin tungo sa isang lumalagong panaderya.

Mula sa maliit hanggang sa paglaki

Itinayo ni Mercy ang kanyang maliit na negosyo mula sa kanyang maliit na kapital. Hindi naman naiiba sa mga negosyanteng tulad ni Mercy na magsimula sa

nakasanayang teritoryo ng pagtitinda ng kakanin tulad ng karamihan sa mga Pilipino.

Nagsimula siya sa isang *food stall* na gawa sa *tarpaulin*. Ang negosyo niya ay malayo sa kabisera kaya maunti pa ang kanyang kinikita. Ngunit sa kagustuhang bumuo ng pangkabuhayan, nagpursige si Mercy.

Sa mahigit dalawang taon lamang, kumita siya ng sapat at nakalipat sa malaking pwesto kung saan niya nilagay ang kanyang panaderya.

Hindi inaasahan ni Mercy na mararating niya ang kanyang napagtagumpayan. Ang kanyang negosyo ay patuloy na lumalago, at nakapagsisilbi pa siya sa kanyang mga parokyano.

Mula kaibigan hanggang pamilya

Ayon kay Meldeia A. Flores, area manager ng CARD, Inc. (Bukidnon 1),

isang kaibigan ni Mercy ang nagdala sa kanya upang sumali sa institusyon. “Sa pamamagitan ng tulong ng CARD, Inc., naibibigay ko ang mga pangangailangan ng aking pamilya, at nakahanap ako ng isa pang bagong pamilya sa CARD, Inc. kung saan nakatanggap ako hindi lamang ng pantang kundi ng iba pang mga tulong,” ani Mercy.

Ayon pa sa kanya, ang CARD, Inc., ay may malaking papel na ginagampanan sa kanyang buhay. “Kung wala ang CARD, Inc., wala ako dito.” Dagdag niya na nakita sa kanya ng CARD kung paano niya pinapatakbo ang kanyang negosyo at kanyang magandang pakikitungo sa institusyon. Ang kanyang buhay ay naging mahirap sa simula. Ngunit sa pamamagitan ng pagtitiwala niya sa sarili at sa CARD, naabot niya ang kanyang mga pangarap.

Proud Tatay

ni Neliza Largueza

Nalalapit na ang araw ng pagtatapos. Hindi maikukubli ang galak na nararamdam ni Edgardo Salosa na makita ang kanyang bunsong anak na tatanggap ng diploma. Ayon kay Edgardo, wala siyang anumang yaman o ari-arian. Ang edukasyon lamang ang tanging binibilang niyang yaman na maipamamana sa kanyang mga anak. Ang tanging hiling niya ay ang masubaybayan at masuportahan ang mga ito sa pag-aaral para sa kanilang magandang kinabukasan.

Natuto mula sa kanyang kabataan, isa sa kanyang pinagsisihan ay ang hayaan niya ang sarili na maimpluwensiyahan ng kanyang mga barkada. Dahil dito, siya ay hindi nakapagtapos ng kanyang pag-aaral sa sekondarya.

Nagtrabaho siya sa isang pabrika sa loob ng anim na taon. Pagkatapos ay napagpasyahan niyang magsaka sa kanilang munting lupain. Minsan naman, kinukuha siyang tagapagluto sa kanilang lugar sa tuwing may pista o handaan.

Napagtanto niya nitong huli ang kahalagahan ng pag-

aaral para makakuha ng isang magandang trabaho. “Siguro isa na akong abogado ngayon kung nag-aral lamang ako ng mabuti noon. Magaling ako sa pakikipagtalakayan at debate,” biro pa niya. Minsan, ang nagiging isipin niya ay kung saan siya kukuha ng panggastos nila sa pang-araw-araw at ibang mga kakailanganin lalo na pagdating sa gatusin sa pag-aaral ng kaniyang anak.

Sa tulong ng CARD, Inc. siya ay nakakuha ng iba’t ibang serbisyong pampinansyal gaya ng *educational loan*.

Ilang mga araw at linggo na nga lamang ang hinihintay bago ang araw ng pagtatapos, hindi na maitatago ang pagiging *proud* tatay niya sa kanyang anak na si Edison. Hindi pa nakapagdesisyon si Edison kung magtutuloy siya agad sa kolehiyo o magtatrabaho siya para makaipon para sa kaniyang pag-aaral. Pahayag naman ng kanyang tatay patungkol sa bagay na ito ay susuportahan niya ang kanyang anak anuman ang maging desisyon nito. “Narito lang akong palagi para gabayan at suportahan siya,” ani Edgardo.

Paglalakas-loob na tawirin... ◀ 8

mahigit 1.9 milyong kliyente sa buong bansa. “Hindi ito ang panghuling *health fair* na isasagawa namin sa lugar na ito. Bibisita pa ulit kami sa Isla Agutaya at umaasa kami na marami pang mga pamilya ang mabibigyan ng malawak na serbisyong pangkalusugan,” pagtatapos ni Dr. Belen.

Nagbibigay ng serbisyong pananalapi ang CARD, Inc. tulad ng pagpapautang, pag-iimpok, *microinsurance*, at mga programang makapagpapaunlad ng komunidad tulad ng edukasyon at pangproteksyong pangkalusugan sa kanyang mga kliyente.

Mag-ipon para sa kinabukasan

ni Neliza Largueza

Sa pagpaplano ng pera, siguraduhing may maayos na pinansyal ang iyong negosyo at pamilya. At bahagi ng pagpaplanong ito ay ang pag-*ipon*.

Ito ang palagiang isinasabuhay ni Esmeralda Prejan, 69, tubong Cebu City, at nagmamay-ari ng hardin.

Para kay Esmeralda, mahalaga ang pag-*ipon*. Nakatutulong daw ito sa kanya tuwing may *emergency*.

“Nasa larangan ako ng paghahardin. Kaya’t noong nalaman kong mas malaki ang kita sa pagtanim ng mga bulaklak kaysa pagtanim ng mais, napagdesisyunan naming mag-asawa na subukan iyon. Iyon nga lang, hindi naman palaging mataas ang presyo ng bulaklak sa merkado. Pabagobago rin ang aming kita depende sa panahon,” kwento ni Esmeralda.

Ang pangambang ito ang nagtulak sa mag-asawa na isaalang-alang ang pagtatabi ng kanilang tubo sakaling maayos ang kanilang kita.

Nagkataon namang ipinakilala sa kanila ng kapwa nila mga hardinero ang CARD, Inc. Sa pamamagitan ng CARD, Inc., nakahiram si Esmeralda ng panimulang kapital upang masuportahan ang kanilang negosyo at matulungan silang makapagtabi ng tubo.

Buhat nang ipinagkatiwala ng mag-asawa ang kanilang pinansyal sa institusyon noong 2010, nakagawian na ring mag-*ipon* ni Esmeralda.

At dahil kuntento na si Esmeralda sa kung ano mang mayroon siya, hindi na siya nangangamba sa usaping pinansyal. Ani Esmeralda, “ang isang sentimo ay unti-unting magiging piso, at balang araw, madadagdagan pa ito.”

Ang kwento ng pag-iimpok ni Jalyn Navio

ng CARD Hong Kong Foundation

Si Jalyn ay katutubo ng Linayan, Badiangan, Iloilo. Nakapagtapos siya ng Bachelor of Science in Nursing at nakapagtrabaho sa Hong Kong nang 16 taon. Isa siyang *alumna* ng *financial literacy program* ng CARD Hong Kong Foundation. Sumali siya sa programa noong Abril 2017.

Ayon sa kanya, nakatulong ang programa upang maging disiplinado sa pagsunod ng kanyang buwanang *budget*. Inaamin niya na noon na isa siyang *impulsive buyer* at mahilig siyang mamili at sumama sa mga kaibigan. Subalit nang matapos niya ang programa, naintindihan niya ang pagbibigay halaga sa kanyang pagsusumikap. Napagtanto niya ang kaibahan ng pangangailangan at mga ninanais.

Alam ni Jalyn na ang kanyang pagtatrabaho sa HK ay matatapos. Inaabangan niya ang araw na makabalik siya sa Pilipinas at hindi na muling magtatrabaho sa ibang bansa.

Isang araw, habang tinitingnan niya ang kanyang pitaka na may \$20, nasasabik siyang gamitin ang pera, pero waliwanagan siyang ipunin na lang ang mga ito. Nakakita siya ng bote ng tubig at kaagad niya

itong ginawang alkansya.

Nilagay niya dito ang ilang piraso ng \$20, at ito ay nakaugalian na niya. Ngayon, sa tuwing may \$20, ito ay agad ay dumidiretso sa kanyang alkansya. Hinamon niya ang sarili na itaas ang halaga sa \$50. Ang kanyang kwento ukol sa hamon niya sa kanyang sarili na mag-*ipon* ay nalathala sa isang malaking FilCom na dyaryo at nag *viral* sa ibang mga bansa.

Ang kwento ni Jalyn ay kaparehas ng sa iba pang mga OFW sa Hong Kong. Marami sa kanila ang hiwalay sa kani-kanilang mga pamilya at nagtatrabaho sa Hong Kong nang baon sa utang. Ang CARD Hong Kong ay nagsusumikap upang mapadami ang tulad ni Jalyn na natutong mag-impok para sa kinabukasan.

Ang CARD Hong Kong Foundation ay rehistrado bilang isang *foundation at non-profit* na samahan sa ilalim ng mga batas sa Hong Kong noong Abril 2010.

Sinusuportahan ng CARD MRI ang *foundation* sa kadahilanang naniniwala ito na ang *financial literacy* ay mahalagang hakbang upang ang mga OFWs ay magkaroon ng alternatibong aktibidad maliban sa pagtatrabaho sa

ibang bansa na naghihiwalay sa kani-kanilang mga pamilya.

Ang programang *financial literacy* ay ibinibigay ng libre at pinatatakbo ng mga tagapagsanay ng mga OFWs.

Itong mga tagapagsanay ay hindi lamang nakabubuo ng tiwala sa mga OFW. Sila rin ay nagsisilbing modelo sa iba na ang mga OFWs ay may kakayahang umasenso higit sa pagsisilbi sa mga kabahayan ng kanilang mga amo. Ibinabahagi rin nila ang pangunahing kahalagahan ng pagsisilbi sa komunidad.

Kapag nakapagtapos na ang mga sumasali sa programang *financial literacy* at pangkabuhayan, ang kanilang awtorisadong pamilya sa Pilipinas ay binibisita ng CARD MRI at binibigyan ng payo kung paano makakuha sa mga serbisyo ng CARD MRI. Noong Pebrero 2019, ang CARD Hong Kong Foundation, sa pamamagitan ng mga tagapagsanay ng mga OFWs, ang sesyon tungkol sa *financial literacy* ay nakapaghatid na sa 2,178 mga OFWs, at 78% sa kanilang mga pamilya sa Pilipinas ay nabisita na ng CARD, at 75% sa mga ito ang nakakuha ng mga serbisyo ng CARD (pautang, pag-iimpok at seguro).

Lharzky Perfume

Touch, Smell, Feel n Buy Lharzky Perfume

“Feel da Bango”

OPEN FOR RESELLER

Smart: 09209796361
TM: 09651458252
f lharzkyperfume
✉ lharzky17@gmail.com

f lharzkyperfume
✉ lharzky17@gmail.com
Smart: 09209796361
TM: 09651458252

Ang iyong munting paraiso

ni Aristotle C. Castronuevo

Sa mga panahon na pakiramdam mo’y ikaw ay nawawala, pakiramdam mo’y ikaw ay hindi nakikita at pakiramdam mo’y boses mo ay hindi naririnig, ito ang lugar na para sa iyo. Kung kapayapaan ng isip at katahimikan ang iyong nais, halina’t dumayo rito. San Jose, Occidental Mindoro. Hatid ay kasiyahan, kagalakan, at kaginhawan sa iyo.

Ang munisipalidad ng San Jose o kilala sa tawag na “bayan ng makapangyarihang mamamayan” ay tinaguriang unang klase o *first-class* kumbaga, na bayan sa lalawigan ng Occidental Mindoro. Ito ay ang sentro ng ekonomiya, pinansyal, kultura, at edukasyon ng nasabing lalawigan.

Iba-ibang klase ng mga taong naninirahan dito, kaya sa mga kaibigan ay hinding-hindi ka mabibigo. Namumukod-tangi itong tunay dahil sa yamang lupa at yamang dagat

nitong taglay. Hindi lang kaakit-akit kundi sa ekonomiya’y ito’y nakatutulong din. Sa katunayan ay kamuntikan na itong maging “Rice Granary of the Philippines” noong mga nagdaang taon. Hindi lamang palay at bigas ang inaangkat ng bayan na ito, kundi pati mga sibuyas, bawang, mais, isda, at marami pang iba.

O ‘di ba? Saan ka pa? Kumpletong-kumpleto na.

Joseng manggagawa ang pangalan ng patron ng bayang ito. Siya ang gumagabay sa mga taga-San Jose sa mahabang panahong ito’y matatag at ito din ang puno’t dulo ng pagbubuklod at pagkakaisa ang mga tao dito. Hindi lamang hitik sa mga yamang likas ang lugar na ito, hindi lang sa tanawing kay ganda, kundi hitik din ito sa pananampalataya.

Oras dito ay hindi mamamalayan, sapagkat sobrang pagkaaliw ay dito mararanasan. Tinaguriang

child-friendly ang bayan na ito dahil mga bata’y dito makakatagpo ng iba’t ibang palaruan.

Napakaraming pwedeng gawin, napakaraming pwedeng dayuhin. Isang sakay lang sa *tricycle*, swak na swak na sa iyong mga nanaisin.

Sa mga nagdaang taon, ang bayan na ito ay unti-unti nang umuunlad. Marami nang mga mayayamang negosyante ang dito namumuhunan at marami ng tao ang dito naninirahan.

Eksakto talaga ang lugar na ito para sa mga naghahanap ng kanilang sarili, para sa mga gumagawa ng magandang kinabukasan o kahit sa taong gusto ng tahimik na buhay.

Hindi man ito sobrang maunlad ngayon tulad ng Maynila, sapat naman ang lugar na ito upang mapagtuunan mo ng pansin ang iyong pangangailangan para sa iyong inaasam na pangarap.

Halina’t punan ang mga butas sa iyong puso. Dumayo na dito sa San Jose!

SUDOKU

Kuhanan ng larawan ang iyong sagot at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI upang magkaroon ng P10 load.

		3	1	4	6	7		
	1						5	
7								6
9			2	5	8			
1			4					
4			6	1	9			
8								7
	7						6	
		1	3	7	2	8		

HAIMER

Souvenir Shop

Visit us at
BANTAY, ILOCOS SUR
Call
0916-145-9780

ALSO AVAILABLE

AYOS! MAY SWELDO NA!

HMMM... ANO KAYA UNA KONG BIBILHIN SA LOZADA?

ALAM MO, MAS MABUTI PA SIGURO NA MAGBUKAS KA NA NG SAVINGS ACCOUNT!

MAKAKAPAG-IPON KA NA PARA SA HINAHARAP, MAYROON KA PANG PERA KAPAG NAGKAROON NG MGA BIGLAANG PANGANGAILANGAN!



CONGRATULATIONS!

Top 3 Winners!



Sherwin Vergano Ursabia Center: Kabisig 4 Atimonan Branch



"Ako po ay naninirahan sa isang liblib at bulubunduking lugar dito sa bayan ng atimonan, mahirap ang transportation namin sapagkat sumasakay pa kami sa motor o habal habal bago makarating ng bayan..kung saan 120 pesos ang aming pamasahang back and forth..kaya nmn ng mgkaroon ng konek2card mas naging ok ang lahat..mas nkatipid sa pmasahe..mas marmi pa kming nagagawa..at di na kami pipila ng mahaba sa bank..Yung natipid namin sa pamasahang ay idadagdag na lang namin sa aming weekly savings sa CARD Bank..nkatipid na..nakaipon pa..at may time pa para magbonding ang pamilya...at ito ay napakalaking tulong sa gaya naming simpleng mamamayan."

Total LIKES & SHARES 58,535



Janine Isleta Center: Sikap 1 Nagcarlan Branch



"Sa #konek2card mas pina-BILIS lahat NG transaction mo. Dati hirap na hirap akong maghanap ng mag aalaga o titingin sa Baby ko para makapunta sa bayan para makapag- withdraw or makapagtransact sa card bank. NGAYON KASAMA KO NA ANG BABY KO dahil sa #konek2card in just a minute makapapagtransact kana less hassle pa! Kung dati 80php ang nagagagatos ko pamasahang ko papunta sa Bangko NG card ngayon WALA NAKONG MALAKING GASTOS dahil bukod SA di na ako nabyahe Ang TRANSACTION FEE SA #KONEK2CARD ay TALAGANG NPAKAMURA Kaya guys mag#konek2card na! It is super duper easy as 123 Kaya mga nanay, tatay, Tito, tita mga member gaya ko na di Basta Basta makaalis NG bahay dahil sa baby or dahil sa personal things mag- #konek2card na! Cause, #konek2card makes your transactions fast and easy."

Total LIKES & SHARES 43,819



Mary Jane Donoso Center: Tanyag 2 Gumaca Branch



"Ako po si Mary Jane Donoso 5 years ng member ng CARD Bank. konek2CARD ang sagot at isa sa madali at mabilis na transaction. Dahil dito tuwing mangangailangan ako ng pera hindi ko na kailangang pumunta sa opisina para maghintay at pumila upang mag withdraw, magbayad ng weekly due etc.. Mas mahaba na rin ang oras ko sa asawa ko at gumawa ng mga gawaing bahay. Malaking ginhawa at iwas abala the best ka talaga konek2CARD. Kaya sa lahat ng member ng CARD Bank mag konek2CARD na kayo panalo tayo dito."

Total LIKES & SHARES 40,454



Like us on Facebook: CARDBankOfficial